


# Hague Convention --- Tugon para maiwasan ang international child abduction



## Ang Hague Convention ay isinakatuparan mula Abril 1 sa Japan

- Ang panuntunang nito ay para maiwasan ang child abduction at para maibalik ang mga batang ilegal o sapilitang inilayo at dinala sa ibang bansa.
- Maging maingat kung kayo ay babalik o uuwi sa Japan at ang inyong anak ay iiwanan sa tinitirahang bansa kasama ang asawa (o dating asawa), gayundin kung lalabas ng Japan at pupunta sa ibang bansa.
- Para sa detalye, tingnan ang website ng Ministry of Foreign Affairs of Japan (Public service announcement, MOFA)

## Kung ang mga magulang ay nakatira sa magka-ibang bansa, sino sa kanila ang magpapalaki sa anak?

Kung kayo ay nag-asawa ng dayuhan subalit kinalaunan ay nagdiborsyo, madalas na alalahanin ay kung saang bansa maninirahan ang bata. Minsan, walang paalam na inilalayo ang bata sa Japan o kaya kung nakatira sa ibang bansa at gusting bumalik sa Japan kasama ang bata, may mga kasong hindi pinapayagang isama ang bata.

Sa ganitong mga kaso, kailangang alamin ng magulang ang mga batas at pananaw ng bansa, hanapin ang dating asawa at anak, at umapela sa korte para makuha ulit ang anak.

Subalit dahil sa pagsali ng Japan sa Hague Convention (Hague Convention on the Civil Aspects of International Child Abduction), sa isang proseso ay maaaring makuha ng ulit ng magulang ang kanyang anak mula sa ibang bansa o magkaroon ng pagkakataon na magkita ang magulang at anak ayon sa pamamalakad ng mga awtoridadades ng dalawang bansa.

Simula ng ipatupad ito, sa loob ng isang buwan, maraming pagrereklamo ang tinanggap galing sa USA, Russia at iba pang mga bansa kung saan ang mga bata ay isinama at inilabas sa kani-kanilang mga bansa. Sa Japan ay may call center (Tel: 0570-783-563) at mga abogado mula sa Japan Federation of Bar Associations para tumulong sa mga magulang na isinama pauwi ang mga anak sa Japan, o kaya sa mga tumanggap ng abiso na ibalik ang bata sa bansang pinanggalingan o para makiusap na makita ang mga anak.

### ◆ Kumunsulta sa diplomatikong tanggapan at abogado sa ibang bansa sa ganitong mga kaso ◆

- Ang pagkuha ng bata ay bago ang Hague Convention, hahawakan ba nila ang kaso?
- Kinuha ng aking asawa ang aming anak at dinala sa ibang bansa ng walang abiso, ano ang aking gagawin?
- Gusto kong isama pabalik sa Japan ang aking anak. Kapag ako ay bumalik sa dating tinirihang bansa, maaari ba akong maipakulong?
- Mayroon bang suporta o konsiderasyon sa biktima ng pantahanang karahasan (DV)?
- Anong mga tulong ang ibinibigay ng mga diplomatikong tanggapan sa ibang bansa para sa mga may problema tungkol sa kanilang pamilya?

Ayon sa pamphlet ng Hague Convention:

<http://www.mofa.go.jp/mofaj/files/000033409.pdf>

**Bakuna sa measles at rubella para sa mga batang nasa panghuling taon sa nurseries**

Kada taon sa ganitong mga panahon, ang bakuna para sa measles at rubella (ika-2 termino) ay nirerekomenda para sa mga batang nasa panghuling taon sa nurseries, ng health promotion center (Tel. 049-252-3771). Ipinapayo ang pagpabakuna ng mga bata at itaon na nasa magandang kondisyon kaysa sa mabilisang pagkonsulta bago pumasok ng elementary.

- Para sa 2014 na pagpabakuna:  
Mga batang ipinanganak mula  
Abril 2, 2008 ~ Abril 1, 2009
- Kailan ang pagpabakuna:  
Abril 1, 2014 ~ Marso 31, 2015



**Binawasan ang suporta para sa bata**

Ang suporta para sa bata ay ibinibigay sa magulang na hiwalay o patay na ang asawa, tatay o nanay na mag-isang nagpapalaki ng anak o mga anak (hanggang maging 18 taong gulang, hanggang Marso 31 ng taong yun), o sinuman na nagpapalaki ng bata kapalit ng tunay niyang magulang.

Bahagyang lumiit ang suporta dahil hindi ito nababawasan sa mga nakaraang taon.

Bagaman, ito ay dapat isaayos ayon sa taas at pagbaba ng mga bilingin kagaya din ng public pension.



**Special welfare benefits at suporta sa bata ay maaring matanggap**

Sa pagtaas ng consumption tax simula Abril 1, maaring tumanggap ng special welfare benefits ang mga pamilyang maliit ang kita. Gayundin ang mga nagpapalaki ng mga anak ay tatanggap ng special child care benefits. Ang mga kailangan sa aplikasyon at hanggang kailan ang pagtanggap nito ay ipapaalam sa newsletters ng bayan at city homepage.

\*Katanungan: Welfare and child care benefit center, ☎Tel. 049-252-8050

**Isang bagong pampublikong pasilidad, "ECOPA", ay magbubukas sa Hunyo**

Ang Ecopa ay isang pasilidad na gagamit ng init o enerhiya mula sa insinerador sa environmental center ng Miyoshi, Fujimino-shi (inaasahang matapos sa March 2016). Ang pasilidad ng Ecopa ay kasalukuyang ginagawa at nakatakdang magbukas ngayong Hunyo.

Ito ay may swimming pool para sa kalusugan, paliguan, salon, multipurpose rooms, at restaurant. Ito ay malapit sa Kamifukuoka cleaning center.

Katanungan: Wide-area waste disposal facility ☎Tel: 049-262-9027

**Family support center ay tutulong sa pag-aalaga ng iyong anak**

Kamakailan, may nakakalungkot na balita ukol sa baby-sitter. Kung alam sana nila ang tungkol sa family support center, maaaring naiwasan ang trahedyang ito. Ang family support center ay binubuo ng mga miyembrong nagbibigay ng serbisyong pag-aalaga ng mga bata at mga miyembrong nais tumanggap ng serbisyong ito.

Para makagamit ng serbisyo, kailangang maging kasapi. Sana malaman ng nakararami ang tungkol sa pampublikong asosyasyong katulad nito.

Para sa katanungan :

Fujimi-shi Family Support Center: ☎049-251-3337

Fujimino-shi Family Support Center: ☎049-262-1135

Miyoshi-machi Family Support Center: ☎049-258-0075

**■ Magagamit na mga serbisyo :**

- Paghatid at pagsundo ng mga bata sa nursery o kindergarten o pag-aalaga matapos o bago dalhin doon.
- Paghatid at pagsundo ng mga bata sa paaralan o sa after school club activities o pag-aalaga bago o matapos dalhin doon.
- Paghatid at pagsundo ng mga bata sa iba pang mga pag-aaral o pag-aalaga ng bata matapos magkasakit
- Kung may sakit ang magulang o may mahalagang inaasikaso.

Kabayaran: 700 ~ 800 yen kada oras.

Mula: 6:00 a.m. ~ 10:00 p.m.